# Gaano Kahalaga ang Bakuna sa HPV para sa mga Preteen at Teen? Tanungin ang Tatay ni Kristen.

Natamasa ng aming anak na si Kristen ang isang normal at masayang kabataan. Siya ay isang mabuting estudyante, naglaro ng rugby, tumutugtog ng cello at gitara. Ang kaniyang buhay ay puno ng pangako. Nagtapos siya ng kolehiyo na may matagumpay na landas ng karera sa kanyang hinaharap. Pagkatapos ay nangyari ang trahedya. Siya ay nasuri na may cervical cancer. Makalipas ang labing-isang buwan, namatay siya sa edad na 23.

Sinisikap mong protektahan ang iyong mga anak. Inaalala mo ang mababuting mga panahon. Pinapahalagahan mo ang mga alaala. Dinadasal mong hindi ito mangyari muli. Hindi ito kailangang mangyari. May isang pangunahing sanhi ang cervical cancer: HPV. Ito ay halos 100% mapipigilan. Maaaring nailigtas ng bakuna sa HPV ang buhay ni Kristen. Protektahan ang iyong mga anak. Pabakunahan sila.

–Tatay ni Kristen

Namatay si Kristen mula sa cervical cancer, isang kanser na sanhi ng human papillomavirus (HPV). Ang HPV ay isang napakakaraniwang virus na kumakalat sa pamamagitan ng seksuwal na kontak. Higit sa kalahati ng mga lalaki at babae ay mahahawa ng HPV sa isang punto sa kanilang buhay, ngunit karamihan ay hindi alam kapag mayroon sila nito.

Ang mga impeksyon sa HPV ay maaaring magsanhi sa cervical cancer sa mga babae at kanser sa titi sa mga lalaki. Ang HPV ay maaari ring magsanhi ng kanser sa lalamunan at bibig, anal cancer, at kulugo sa ari sa parehong mga lalaki at babae.

Ngunit, maaari kang makatulong na **protektahan** ang iyong anak mula sa mga kanser na ito sa pamamagitan ng bakuna sa HPV.

Ang paglalathalang ito ay sinuportahan ng Gawad Bilang H23/CCH922507 mula sa Mga Sentro para sa Pamamahala at Pagpigil ng Sakit (CDC, Centers for Disease Control and Prevention).

## Kailan dapat magpabakuna ang aking anak?

Lahat ng mga batang babae at lalaki ay dapat makatanggap ng bakuna sa HPV, karaniwang sa pagitan ng mga edad 9 at 12. Ang mga preteen na may edad 9-14 ay karaniwang nangangailangan ng dalawang dosis. Ang mga kabataang edad 15 at mas matanda ay nangangailangan ng tatlong dosis.

Itakda ang mga susunod na dosis ng iyong anak bago umalis sa klinika.

Kung sisimulan ang mga serye sa mga edad 9-14:

HPV Dosis #1 _____
(Petsa ngayong araw)

HPV Dosis #2 _____
(6-12 buwan pagkatapos ng #1)

Kung sisimulan ang mga serye sa mga edad 15 o mas matanda:

HPV Dosis #1 _____
(Petsa ngayong araw)

HPV Dosis #2 _____
(1-2 buwan pagkatapos ng #1)

HPV Dosis #3 _____
(4 pagkatapos ang #2)

Kailangan ng anak mo ang lahat ng mga dosis para sa buong proteksyon!

## Bakit binibigay ang bakuna sa HPV sa murang edad?

Gumagana nang mas mabuti ang bakuna sa HPV sa mga taon sa preteen kaysa kapag ibinibigay sa mas huling pagkakataon. Ang mga batang binakunahan nang mas maaga ay kailangan lamang ng dalawang dosis sa halip na tatlo. Sa mga kadahilang ito, mas mabuti na huwag maghintay.

## Aling mga kanser ang mapipigilan ng bakuna sa HPV?

Ang bakuna ay nagpoprotekta laban sa mga uri ng HPV na nagsasanhi ng:

- mga cervical, vaginal, at vulvar cancer sa mga babae
- mga penile cancer sa mga lalaki
- mga anal at throat cancer sa mga babae at lalaki.

## Ligtas ba ang bakuna sa HPV?

Oo. Ang bakuna sa HPV ay napakaligtas. Sampung milyong tao sa buong mundo ang tumanggap na ng mga bakuna sa HPV. Kapag mangyari ang mga pangalawang epekto, ang mga ito ay karaniwang banayad, tulad ng pananakit, pamumula, o pamamaga sa braso kung saan ibinigay ang dosis. Ang hindi gaanong karaniwang mga pangalawang epekto ay maaaring lagnat, pagkahimatay, pananakit ng ulo, o mga reaksiyong alerhiya.

Ang ilang mga preteen at teen ay maaaring mahimatay matapos ang unamang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagtanggap ng mga bakuna. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagmamasid ng iyong anak na naka-upo o nakahiga nang humigit-kumulang 15 minuto matapos sila makatanggap ng dosis.

Ang malubhang mga pangalawang epekto mula sa bakuna sa HPV ay bihira. Mahalagang sabihin sa doktor o nars kung ang iyong anak ay mayroong anumang mga malubhang alerhiya, kabilang ang alerhiya sa yeast.

## Gaano kabisa ang bakuna sa HPV?

Ang bakuna sa HPV ay napakabisa sa pagpigil sa karaniwang mga uri ng HPV na maaaring humantong sa kanser.

Ang dami ng impeksyon sa HPV ay makabuluhang bumaba sa mga bansa kung saan nagbibigay ng mga bakuna sa HPV.

## Kailangan pa rin ba ng mga Pap test ang mga babae pagkatapos tumanggap ng bakuna sa HPV?

Oo. Kailangan ng bawat babae ang karaniwang mga Pap test simula sa edad 21, dahil hindi nagpoprotekta ang bakuna laban sa bawat uri ng HPV.

## Saan ako matuto nang higit pa?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakuna sa HPV, kausapin ang doktor o nars ng iyong anak. Maaari ka ring bumisita sa: cdc.gov/vaccines/teens.

"Nagpasya ako na pabakunahan ang aking anak na lalaki laban sa HPV, dahil mapipigilan ng bakuna ang mga batang lalaki mula sa pagkalat ng virus at makatulong sa pagpigil sa kulugo sa ari at ilang mga kanser." — Patrice